## Ang koneksyon ay ikaw

Ang karanasan ng Autismo ay hindi isang bagay lamang, ito ay maraming bagay. At dahil ang koneksyon sa pagitan ng mga karanasang iyon ay ikaw. *Ang koneksyon ay ikaw*.

*Inaanyayahan ka namin na magboluntaryo, sumali sa isang komite, o maglingkod sa aming Lupon ng mga Direktor. Ang iyong mga kasanayan, sigasig, at dedikasyon sa pagtulong sa lokal na komunidad ng autismo ay talagang makakagawa ng pagbabago.*

Mangyaring sumali sa amin!

## Ang aming Pananaw

*Paglikha ng mundo kung saan ang lahat sa komunidad ng Autismo ay konektado sa suporta na kailangan nila, kapag kailangan nila ito.*

Autism Society San Diego

4699 Murphy Canyon Road, Suite 209
San Diego, CA 92123
858.715.0678
info@autismsocietysandiego.org
www.autismsocietysandiego.org

Binago 7/2024

Autism Society San Diego

***Ang aming misyon ay lumikha ng mga koneksyon, na nagbibigay-kapangyarihan sa lahat sa komunidad ng Autismo gamit ang mga mapagkukunang kailangan upang mabuhay nang buo.***

# Sino ang Autism Society San Diego (Lipunan ng Autismo)?

Ang Autism Society San Diego ay isang non-profit na organisasyon na nagmula noong 1966 bilang National Society of Autistic Children (Pambansang Sosyedad ng mga Batang may Autismo). Ito ay binuo upang magkaisa at ipaalam sa mga magulang ang mga bagong paghahayag tungkol sa interbensyon na terapiya.

Ngayon, ang Autism Society San Diego ang nagsisilbing boses at mapagkukunan ng lokal na komunidad ng Autismo. Kasama sa mga miyembro ng Society ang mga may autismo na indibidwal at kanilang mga magulang, kamag-anak, kaibigan, tagapagtaguyod, medikal na propesyonal, at tagapagturo sa buong San Diego County at higit pa.

Bilang isang kaakibat ng pambansang organisasyon, ang Autism Society of America, nakikibahagi kami sa kanilang misyon na pahusayin ang buhay ng lahat ng apektado ng autismo sa pamamagitan ng pagtataguyod ng makabuluhang pakikilahok at pagpapasya sa sarili para sa mga may autismo na indibidwal at kanilang mga pamilya. Masigasig kaming nagtatrabaho upang matiyak na sinusuportahan at pinalalakas namin ang mga boses ng mga may autismo na indibidwal sa loob ng aming organisasyon at sa buong komunidad ng San Diego. Para sa mga may autismo na indibidwal na nangangailangan, nag-aalok kami ng malawak na suportang pinansyal para sa aming mga programa at membership (pagiging miyembro).

## Kumonekta sa Amin

Ang buwanang **e-newsletter** ay nagbibigay ng mapagkukunan ng kasalukuyang impormasyon, mga aktibidad at mga kaganapan.

Magpatala sa **www.autismsocietysandiego.org**, isang website na nagbibigay ng impormasyon at direktang mga link sa iba pang mahahalagang site na nagbibigay-kaalaman.

## Mga Koneksyon sa Lipunan

Ang Autism Society San Diego ay nagpapanatili ng pahina sa Facebook, isang Meetup site para sa pinakabagong kalendaryo ng komunidad, Instagram, YouTube at Twitter, pati na rin ang iba para sa mga kailangang manatiling may kaalaman sa pamamagitan ng mobile na teknolohiya.

- Website: www.autismsocietysandiego.org
- Facebook: Autism Society San Diego
- Twitter: @AutismSocietySD
- Meetup: autismsocietysandiego/
- Instagram: autismsocietysandiego
- YouTube: autismsocietysandiego



## Mga Benepisyo ng Pagiging Miyembro

Ang mga miyembro ng Autism Society San Diego ay karapat-dapat para sa espesyal na pagpepresyo para sa pang-membership-lang na mga kaganapan, mga pang-edukasyon na iskolarsip, may diskwentong adaptibo na pag-aaral sa paglangoy, Camp I CAN, Surf Camp, Family Camp, at ang AWARE na Programa sa Tag-init. Ang mga espesyal na imbitasyon sa komunidad at mapagbigay na scholarship para sa mga kwalipikadong pamilya na dumalo sa aming mga signature camp ay kabilang sa maraming benepisyo ng pagiging miyembro.

# Naglilingkod sa San Diego County...

## Impormasyon/Suporta/Mga Grupong Panlipunan

Ang Autism Society San Diego ay nagho-host ng ilang mga pulong ng suporta at impormasyon buwan-buwan sa buong county. Maaaring birtwal o personal ang mga pagpupulong. Tinutugunan nila ang iba't ibang paksa ng interes sa isang malawak na demograpiko sa komunidad ng autismo.

- Suporta at Impormasyon para sa Mga Pamilya at Matanda na may Autismo
- Grupo ng Suporta ng Coffee Talk (Coffee Talk Support Group)
- Grupo ng Suporta sa wikang Espanyol (Spanish language Support Group)
- Grupo ng Suporta ng Spectrum Social para sa mga may Autismo na Matatanda (Spectrum Social Support Group for Autistic Adults)
- Grupo ng Suporta ng Girl Power para sa mga may Autismo na mga Babae (Girl Power Support Group for Autistic Women)

### Mga Seminar at Workshop sa Autismo

Ang Autism Society San Diego ay nag-aalok ng mga workshop at mga kaugnay na aktibidad na nagpapaalam at nagtuturo sa mga magulang at propesyonal sa mga kasalukuyang pamamaraan at paksang nauugnay sa autismo.

Magpatala para sa Meetup para sa lahat ng anunsyo ng kaganapan at para kumpirmahin ang mga lokasyon, oras, paksa, at mga nagtatanghal. Tingnan ang aming kalendaryo ng mga kaganapan: **meetup.com/autismsocietysandiego/**



PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, BISITAHIN ang WWW.AUTISMSOCIETYSANDIEGO.ORG

## Mga Programang Panlibangan

### Camp I CAN (Kampong KAYA KO)

Ang Camp I CAN (Camp Including Children with Autism Now) ay isang pakikipagtulungan sa pagitan ng Autism Society San Diego at ng mga lokal na YMCA. Ang programang ito ng kampong tag-init (summer camp) ay partikular na idinisenyo upang matugunan ang mga pangangailangang panlipunan, pag-uugali, at pag-unlad ng mga batang may Autismo.

### Surf Camp

Ang kampong tag-init na ito ay inaalok para sa mga kalahok na may edad 5 pataas, kabilang ang mga matatanda. Pinapayagan nito ang bawat kalahok na may autismo na ipares sa isang tagapagturo ng paglangoy/pag-surf at lumahok sa pang-araw-araw na aktibidad sa tabing dagat.

### AWARE (Adults with Autism Recreation Experience) (Karanasan sa Paglilibang ng Mga Matatanda na may Autism)

Ang Autism Society San Diego, sa pakikipagtulungan sa mga lokal na YMCA, ay bumuo ng AWARE, isang sanlinggong kahaba na programang panlipunan at paglilibang para sa mga may autismo na nasa hustong gulang na 18 pataas.

### Kampo ng Pamilya

Sa pakikipagtulungan sa YMCA, ang Kampo ng Pamilya ay isang tatlong araw na katapusan ng linggo sa magandang Camp Marston sa Julian. Ang buong kampo ng pamilya ay magsasaya sa hiking (paglalakad), arts and crafts (paglikha ng sining at gawang-sining), rock climbing (pagakyat sa mga bato), at higit pa.

### Adaptibo na Pag-aaral sa Paglangoy (Adaptive Swim Lessons)

Ang Autism Society San Diego ay nakatuon sa pagbibigay ng mataas na kalidad, pare-parehong programang pantubig para sa mga bata at matatanda na may autismo at kanilang mga pamilya. Dahil maraming pamilyang naninirahan sa lugar ay malapit sa karagatan at mga swimming pool, mataas ang priyoridad ng aming organisasyon na kasing dami ng mga bata at matatandang may autismo ang natutong lumangoy para maiwasan ang pagkalunod. Bisitahin ang https://www.autismsocietysandiego.org/swim para matuto pa.



## Linya sa Pagtanong sa Autismo

Isang helpline (linya sa tulong) para sa LAHAT ng iyong mga tanong na may kaugnayan sa autismo at mapagkukunan sa loob ng County ng San Diego. Ito ay isang call-in line (linya ng pagtawag) para sa mga tagapag-alaga, mga may autismo na tagapagtaguyod ng sarili at mga propesyonal sa serbisyo ng autismo sa County ng San Diego. Tawagan ang isa sa aming Espesyalista sa Kapwang Mapagkukunan (Peer Resource Specialist) Lunes hanggang Biyernes sa (858) 715-0678

## Mga Buwanang Kaganapan

### AWARE Dance Party (Sayawan)

Ang buwanang dance party na ito ay para sa mga may autismo na nasa hustong gulang na 18 taong gulang at mas matanda, at gaganapin sa ika-apat na Linggo ng bawat buwan.

### Libreng Family Pool Party (Paglangoy ng Pamilya)

Bawat buwan ay may mga libreng Pool Party na gaganapin sa Clairemont sa Boys & Girls Club, na gaganapin sa ikalawang Sabado ng bawat buwan.

Tingnan ang website at Meetup para kumpirmahin ang mga petsa at oras: **meetup.com/autismsocietysandiego/**





## Mga Taunang Pangyayari

### Beers at Cheers para sa Autism

Nagaganap ang nakakatuwang kaganapang ito sa mga lokal na serbeserya bilang suporta sa mga programang panglibangan ng Autism Society San Diego.

### Splash para sa Cash

Isang taunang pangangalap ng pondo sa pamamagitan ng koponan sa paglangoy (team swim fundraiser) na ang mga nalikom ay nagpopondo sa lahat ng mga programang pantubig na ibinibigay ng Autism Society San Diego sa buong taon.

### Ilaw! Camera! Autismo!

Isang napakaespesyal na kaganapan sa gabi na nagpapakita ng sining, pelikula, at musika ng, tungkol sa, at ginanap ng mga taga-San Diego na may autismo at iba pang kapansanan sa pag-unlad.

### Golf Classic

Ang paligsahan sa golf na ito ay pararangalan ang Autism Heroes (Mga Bayani ng Autismo) at nagtatampok ng shotgun na simula na paligsahan ng golf at isang awards dinner (parangal na hapunan), kasama ang lahat ng nalikom na nakikinabang sa mga programa ng Autism Society San Diego (Samahan sa Autismo ng San Diego).

### Kumperensya sa Autismo sa Lipunan at Kalusugan ng Isip

Tinutugunan ng kumperensyang ito ang mga pangangailangang panlipunan at kalusugan sa isop ng mga may autismo na bata at matatanda, mabisang paggamot, at kung saan makakahanap ng mga mapagkukunan.